PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 34 OCTOBER 18 - 24, 2021 10.00

# BOTTOM-UP BUDGETING SCHEME SA MGE LGU, ISUSULONG NG LACSON-SOTTO TANDEM

**Isinusulong nina presidential aspirant senator Panfilo 'Ping' Lacson at Vice presidential candidate Vicente 'Tito' Sotto III ang pagpapalakas sa mga lokal na pamahalaan.**

Ito'y sa pamamagitan ng bottom-up budgeting system kung saan bibigyan ng pantay-pantay na pondo ang mga lokal na pamahalaan at hahayaan silang magkaroon ng sari-sariling programang pangkaunlaran.

Giit ni Sotto, makatutulong ito para mas matutukan ng mga lokal na pinuno ang mga programang mas kailangan ng kanilang nasasakupan.

"We know how to solve the problems (of the LGUs) by merely balancing the budget. Bring the money of the government down to the people," giit ni Sotto.

Sa ngayon, gumugulong na sa senado ang panukalang bottom-up budgeting system sa ilalim ng Budget Reform Advocacy for Village Empowerment (BRAVE) Bill.



senator Panfilo 'Ping' Lacson at Vice presidential candidate Vicente 'Tito' Sotto III

Nakasaad sa panukala na bibigyan ng P1 billion taunang development fund ang bawat probinsya sa bansa, P100 million para sa kada siyudad, P50 million sa bawat munisipalidad, at P5 million sa 42,406 na barangay bansa.

Pagtitiyak pa ng mambabatas, makatutulong ang BRAVE para sa patas at maayos na paggamit sa kaban ng bayan.

"There's a lot of money but they were not distributed at all," ani Sotto.

Suportado naman ni Ako Bisaya Party-list 3rd nominee Jarvis Prochina ang naturang panukala.

"It's the first time that the third highest official of the Republic came down to listen by himself the concerns of the farmers, fishermen, vendors, women, LGBTQ, and other marginalized sector representatives. He carefully listened to our plight," paliwanag ni Prochina.

Sakaling maisabatas, gagawing prayoridad ang BRAVE sa annual budget appropriations pati na rin ang Internal Revenue Allotment (IRA) o ang pagkolekta sa buwis ng lokal na pamahalaan.

## DOC WILLIE ONG, HINIKAYAT ANG GOBYERNO NA BUMILI NA NG ANTI-COVIDDRUG NA MOLNUPIRAVIR



Hinimok ni Aksyon Demokratiko vice presidential candidate Dr. Willie Ong ang pamahalaan na kumuha na ng advace orders para sa bagong gamot na aniya'y malaki ang potensyal na maging 'game-changer' sa laban ng bansa kontra COVID-19.

"May bagong gamot po sa Covid, baka makakuha na kayo - Molnupiravir, life-saving. Um-order na kayo, maganda po ito," sabi ni Ong sa One Batangas-IM Pilipinas convention sa Lipa, Batangas.

Ang antiviral pill na Molnupiravir na ginawa ng pharmaceutical giant na Merck ang tinutukoy ni Ong.

Batay sa interim analysis ng kumpanya, pinababa ng Molnupiravir ang risk ng hospitalization at pagkamatay sa ilang pasyente nang 50%.

Nag-hain na ng Emergency Use Authorization sa United States Food and Drug Administration (FDA) ang kumpanya.

Dagdag pa ni Ong na isa ring cardiologist at internist, bahagi ang pagkuha ng pinakamagandang klase ng bakuna para maka-bangon ang ekonomiya ng bansa.

"Papaano tayo magtatrabaho, kulang ang bakuna natin. Papaano papasok sa school ang mga anak natin, hindi pa bakunado, 12-17 years old. Hindi po aandar ang economy pag hindi po natin pipiliin yang pinakamagandang bakuna, pinakamagandang gamot," giit nya.

Sinabi rin ni Ong na dapat pang paigtingin ng gobyerno ang pagbili ng iba pang gamot na mabisa kontra COVID-19. "May mga gamot naman na napatunayan nang mabisa sa buong mundo. Ito yung Remdevisir at Tocilizumab,".

Matatandaang dinagsa ang Maynila ng mga naghahanap ng gamot kontra COVID-19, dahil mayroon itong nakaimbak na dalawang mabisang gamot laban sa sakit.

Ayon kay Aksyon Demokratiko standard-bearer Manila Mayor Isko Moreno, nagmistulang "national pharmacy" ang Maynila ng dalawang COVID drugs dahil dito.

"If the virus respects no political boundaries, then our compassion must not stop at the city boundaries," sabi ni Moreno sa paglulunsad ng kanyang presidential bid.

Ayon naman kay Ong, mahalaga rin ang pagbili pinakamagandang bakuna para manatili ang tiwala ng publiko sa pamahalaan.

"Ang pinakamahalaga sa isang pandemya ay tiwala ng tao sa gobyerno. Kapag nawala ang tiwala ng tao sa gobyerno sa bakuna, hindi na susunod yan.. sa bakuna, sa gamot, sa polisiya," ayon sa kanya.








ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Tips para maalagaan ang kidneys

## Payo Ni Doc Willie Ong

Narito ang mga payo para maalagaan ang kidneys:

1—Bawasan ang asin sa pagkain.

2—Limitahan ang protina sa pagkain.

3—Gamutin ang altapresyon o high blood pressure.

4—Gamutin ang diabetes.

5—Limitahan ang paggamit ng pain relievers. Ang mga pangkaraniwang pain re-lievers tulad ng mefe-namic acid, ibuprofen, at mga mamahaling pain relie-vers tulad ng celecoxib, ay puwedeng makasira ng kidneys. Ka-ilangan ay limitahan ang paggamit nito sa 1 o 2 linggo lamang.

6—Uminom ng sapat na tubig sa isang araw. Ang pangkaraniwang payo ng doktor ay ang pag-inom ng 8 basong tubig sa isang araw. Makatutulong ito sa pag-iwas sa kidney stones o bato sa bato.

7—Wala pang basehan ang paggamit ng supplements para sa kidneys. Wala pang supplement na na-imbento na napatunayang makatutulong sa kidneys. Sundin lamang ang mga payong naibigay at mapapangalagaan ang kidneys.

8—Huwag sobrahan ang pag-inom ng Vitamin C. Ang sobrang vitamin C ay puwedeng magdulot ng kidney- stones. At ang kidney stones naman ay puwedeng umabot sa kidney failure kapag hindi naagapan.

9—Magtanong muna sa doktor bago uminom ng kahit anong gamot. Magpa-check ng ihi (urinalysis) at dugo (CBC, BUN at creatinine) at kumunsulta sa doktor.

# EDITORYAL

## Huwag magkampante kahit nasa Alert Level 3

16) ay nasa Alert Level 3 na ang Metro Manila na tatagal hanggang Oktubre 31. Pagsapit daw ng Nobyembre, baka mas -maging maluwag pa. Ang pagluluwag sa Metro Manila ay -inaprubahan ng Inter-Agency Task Force (IATF) dahil sa patuloy na pagbaba ng kaso ng COVID-19. Sa ilalim ng Alert Level 3, magluluwag na sa operational capacity ang mga establisimento gaya ng restaurant, barber shop, spa, gym, derma clinics, saloon at iba pa. Madadagdagan na ang bilang ng mga parukyano nang mga nabanggit na establisimento. Puwede na rin umanong buksan ang mga sinehan pero 30 percent lamang at pawang bakunado ang papapasukin. Nananatili pa ring bawal ang teatro, bar, amusement park at playgrounds.

Sa pagbaba ng Alert Level sa NCR, inaprubahan din ng IATF ang pagsasailalim sa modified enhanced community quarantine (MECQ) ng mga sumusunod na lugar: Apayao, Kalinga, Batanes, Bataan, Bulacan, Cavite, Rizal, Laguna, Naga City, Zamboanga City at Zamboanga del Norte.

Magandang pangitain ang pagsasailalim sa Alert Level 3 ng Metro Manila sapagkat ito ang sentro ng negosyo. Kung patuloy na bababa ang kaso ng COVID sa Nobyembre, baka lubusan nang magluwag at gugulong na ang negosyo. Kung magpapatuloy ang pagbaba ng kaso sa Disyembre, magiging masaya na ang Pasko.

Pero hindi naman dapat kalimutan ang pag-iingat sapagkat may posibilidad na muling tumaas ang kaso kapag nagpabaya ang mga tao. Huwag magpakampante nang todo. Kahit mababa na ang kaso, ipagpatuloy ang pagsusuot ng face mask. Dapat magkaroon pa rin ng social distancing at parating maghugas ng kamay.

Magkaroon din ng pagsubaybay ang mga awtoridad sa mga mataong lugar gaya ng Divisoria, Quiapo at Baclaran na karaniwang pinupuntahan ng mga tao -ngayong Kapaskuhan.

Ipagpatuloy din ang pagbabakuna sa general public para maabot ang herd immunity bago matapos ang 2021. Apurahin ang pagbakuna sa mga menor-de-edad. Ang pagbaba ng kaso ng COVID sa Metro Manila ay dahil marami na ang nababakunahang indibidwal. Kung lahat ng taga-MM ay mababakunahan, tiyak na ang pagbangon ng ekonomiya at malalasap na ginhawa sa 2022.

# Craft contingency plan to insulate PH from China's slowdown

MANILA – The chair of the House Ways and Means Committee on Monday said the country's economic managers should prepare a contingency plan to insulate the Philippines from spillover effects as China's economic growth slowed to 4.9 percent in the third quarter amid the debt crisis surrounding property giant Evergrande's debt crisis.

Albay Rep. Joey Salceda said it is best to prepare a “low-hanging package” that includes fast-tracking infrastructure next year, increasing food production, a proactive rollback of policy rate reductions early next year, and continued spending on the emergency employment fund to assist displaced workers amid the pandemic.

Salceda said the country’s experience with global systemic risks is that the "earlier it prepares, the better it performs."

“There are signs that the situation with Evergrande is systemic. New construction in September slowed down for a sixth straight month in China, that country’s longest period of monthly declines since 2015. There is also another real estate company that defaulted on its debts,” he said in a statement.

Salceda was referring to a liquidity crisis at China Evergrande Group, which has more than USD300 billion in liabilities. The development has rocked global markets.

He said South China-based luxury real estate developer Fantasia Holdings also said it failed to make a $206-million US dollar bond payment two weeks ago.

“So, although the Chinese economic authorities are trying to allay market fears, I would be on high alert, especially since many of our big conglomerates have exposure in the Chinese real estate market,” Salceda said.

He said China’s economic condition could also be "an opportunity in disguise" for the Philippines to open up its economy and welcome more investments from companies seeking to diversify supply chains.

He added that while the Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE) Act is the greatest tool in this regard, the enactment of amendments to the Retail Trade Liberalization Act, the Public Service Act, and the Foreign Investments Act would also be beneficial.

“If some sort of capital flight happens in China, it will all have to go somewhere. If our economy is not open enough, it will be like catching rainwater with a thimble. Let’s open some of our archaic restrictions, so that when it rains, we have something bigger to catch water with,” Salceda said. (PNA)

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY




**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## PhilSys applicants warned anew vs. fixers, fees

MANILA – Applicants for the Philippine Identification System (PhilSys) are reminded anew to refrain from transacting with illegal fixers offering registration services with fees.

In an advisory on Thursday, the Philippine Statistics Authority (PSA) has cautioned the public that access to the Step 1 registration process through the online portal www.philsys.gov.ph as well as the delivery of Philippine Identification (PhilID) cards remains free of charge.

The PSA encouraged the public to personally sign up for the PhilSys project online to avoid falling prey to phishing scams.

"Humingi lamang ng tulong sa mga kamag-anak at mga pinagkakatiwalaang kakilala sa pagre-register online upang makaiwas sa scam at maling paggamit ng inyong personal na impormasyon (Seek only for the help of relatives and trusted acquaintances in registering online to avoid scams and misuse of your personal information)," it added.

**Step 2** biometrics process will follow after the entry of demographic information is done.

**Step 3** is the delivery of physical ID cards through the Philippine Post Corporation, the PSA's official courier partner.

The PSA, in coordination with the authorities, is adamant in cracking down on these illegal fixers.

The public is urged to report any fixer and fake registration websites by contacting its PhilSys hotline number through 1388 or by sending report messages to its official Facebook page via m.me/PSAPhilSysOfficial, and email address: info@philsys.gov.ph.

Official information about the national ID should only be obtained from the PhilSys website (www.psa.gov.ph/philsys) or Facebook page.

The public is also encouraged to be vigilant against scams and report unauthorized PhilSys transactions.

Signed into law by President Rodrigo Duterte in August 2018, Republic Act 11055, or the Philippine Identification System Act, aims to establish a single national ID for all Filipinos and resident aliens.

The national ID shall be a valid proof of identity that shall be a means of simplifying public and private transactions, enrollment in schools, and opening of bank accounts.

It will also boost efficiency, especially in dealing with government services where people will only need to present one ID during transactions. (PNA)

### MSMEs urged to continue innovating to be more competitive

– Micro, small and medium entrepreneurs (MSMEs) participating in the weeklong trade fair organized by the Department of Trade and Industry (DTI) here are encouraged to continue developing their products to remain competitive.

The MSME Week Trade Fair that will run until October 17 kicked off at the Megaworld's Festive Walk Mall in this city's Mandurriao district on Wednesday with 58 participating exhibitors from the six provinces of Western Visayas.

"We continue to encourage our MSMEs to go on product development. This is the only to be competitive. Every time a buyer sees a product whether online or physical, they will look for new," said DTI Western Visayas Regional Director Rebecca M. Rascon in her message during the opening ceremony.

Rascon said after two years, the products currently being displayed have new designs and new combinations which are already the result of the product development under DTI's One Town, One Product (OTOP) Next Gen.

In developing the products, she said it is important that MSMEs look into making their packaging attractive, as the current bulk of buyers include young people or millennials who are mostly visual.

"We have to also develop our products depending on our target market and trend," she said.

Meantime, Rascon expressed appreciation to the Megaworld for allowing the department to hold the physical display of the products amid the challenges of the health pandemic.

"While we encourage online, we still believe that the physical trade fair is still effective. People still go to trade fairs and exhibits to see products, touch them, smell and even eat to appreciate immediately," she said.

Among the products on display are merchandise from processed foods, handicrafts, and other non-food products.

They included products such as hablon from piña and other fibers, yummy food and delicacies, artisanal homegrown crafts of fibers, bamboo, vines, abaca, and various local raw materials.

The trade fair with the theme "Makabagong MSMEs, Bagong Pag-asa Laban sa Pandemya", she said, is still part of their program expansion to assist MSMEs.

The regional director said that through the trade fair, producers can meet buyers that would result in matching and establishing linkages.

Meantime, DTI Regional Operations Group Assistant Secretary Demphna Du-Naga lauded the participants, which showcased the passion, pride, and the spirit of Western Visayas through their "creative, competitive, clas

## GUHIT NG KAPALARAN

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Mararamdaman ang energies. Magagamit ito para tapusin ang mga gawain. Pero kung mapagod ka, magpahinga. Makakatulong ang-supplement. Lucky numbers at color for the day ang 45, 21, 51, 31, 11 at fire red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Mararanasan ang favor, na makakatulong ng malaki sa inyong finances. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 22, 45, 33, 55, 15 at coffee brown.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Ang bunga na hina-hangad ay makakamit, panatilihin ang katapatan sa sarili, sa kapwa at sa Maykapal. Lucky numbers at color for the day ang 51, 15, 25, 35, 45 at ube purple.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ngayon mo mapapatunayan na ang mabuting gawi ay magbubunga rin ng mabuti. Lucky numbers at color for the day ang 26, 36, 11, 55, 43 at sapphire blue.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Nasa expansion ang perspective. Mami-miss mo ang iyong partner, kaya pabebe mode ka. Lucky numbers at color for the day ang 11, 25, 53, 33, 45 at marigold yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Matutupad ang iyong wish. Matatanggap ka sa work. Ingatan ang iyong kalusugan. Lucky numbers at color for the day ang 32, 12, 27, 45, 55 at cyan blue.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ang lahat ng nasa isip ay mangyayari kung aayunan ng tadhana. Sikapin na mapanatili ang katapatan. Lucky numbers at color for the day ang 13, 35, 53, 23, 43 at jade green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Madalas ang influence ng female principle ngayon. Maaaring maging dominante ang personalidad. Lucky numbers at color for the day ang 31, 51, 41, 11, 22 at hot pink.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Merong extra excitement sa usaping pag-ibig. Magbibigay ito ng magandang pakiramdam sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 15, 51, 22, 33, 45 at pearl white.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Mahalaga ang mag-relax muna, tigilan ang sobrang pag-iisip para sa iyong kalusugan. Lucky numbers at color for the day ang 25, 17, 38, 52, 11 at ultra violet.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Pag-aralan ang bagong skill, ito ang susi para sa magandang future. Lucky numbers at color for the day ang 32, 23, 43, 13, 13 at moss green.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Sundin ang divine inspired emotion, pag-aralan ang emosyon. Tanggapin ang hamon ng buhay. Lucky numbers at color for the day ang 25, 33, 45, 11, 51 at shocking pink.

## P200K pabuya sa killer ng siklista sa Cavite


Cavite , Philippines — Itinaas na sa halagang P200,000 ang halaga ng pabuya sa sinumang makakapagturo sa pumatay sa 20-anyos na siklista na natagpuan sa Kawit, Cavite Linggo ng gabi.

Ayon sa Facebook account ni Kawit Mayor Angelo Aguinaldo, sinabi nito na matapos ang pakikipag-usap niya sa mga magulang ng biktimang si Kenneth Ponce at napag-alaman na hindi pa rin nalulutas ang kaso ng pagpatay, ipinag-utos nito ang pagbibigay ng halagang P200,000 pabuya sa sino mang makakapagturo sa likod ng pagkamatay ng siklista.

"Matapos po ang pagkikita namin ng magulang ni Kenneth, ang biker na natagpuang wala nang buhay sa ating Kawit kamakailan, kasama po si Chief Investigator Roldan Requioma, napag-alaman nating hindi pa lutas ang dahilan ng pagkamatay nito. Kaya naman po bukod sa maigting na imbestigas-yon, ipinag-utos ko na rin pong itaas sa P200,000 ang pabuya sa kung sino man ang makapagturo ng mga nasa likod ng pagkamatay ni Kenneth," nakasaad sa FB account ni Mayor Aguinaldo.

Unang nag-alok si Aguinaldo ng P100,000 pabuya sa makakapagbigay impormasyon sa killer ni Ponce na natagpuang nakahandusay sa kahabaan ng Abaya Road, Brgy Tabon, Kawit, Cavite dakong alas-10 ng gabi.

Unang ipinalagay ng pulisya na biktima ito ng hit and run subalit nang lumabas ang autopsy ay may tama ito ng baril sa likurang bahagi ng katawan. Bukod dito, nawawala rin ang bisikletang gamit ng binata na nagkakahalaga ng P50,000 kaya pinaniniwalaang pagtangay sa bisikleta nito ang motibo ng mga suspek.



# LUNGSOD NG TAGAYTAY, BUBUKSAN SA LAHAT NG CAVITEÑO ANG KANILANG VACCINATION PROGRAM

Matapos makamit ang herd immunity, bubuksan ng lungsod ng Tagaytay ang kanilang vaccination program para sa lahat ng mga Caviteno na mula sa iba't ibang bayan sa buong lalawigan.



Sa Facebook post ni Tagaytay City Mayor Agnes Tolentino, ibinahagi niya na layon ng kanilang LGU na makatulong sa pagkamit ng kabuuang herd immunity sa Cavite.

"Para mapalawak natin ang pagbibigay ng bakuna at mapabilis ang pagkamit ng herd immunity ng iba't ibang lungsod o bayan ng CAVITE, ang TAGAYTAY CITY ay nagbukas ng pintuan upang tumulong sa pagbabakuna sa LAHAT NG CAVITEÑO," ani Tolentino.

Para sa mga interesado narito ang kanilang proseso:

1. Magrehistro at siguraduhing tama ang detalyeng ilalagay sa: https://docs.google.com/.../1FAIpQLSdmCQuoPke.../viewform...

2. Maghintay lamang ng mensahe para sa schedule ng inyong bakuna.

Dagdag ng alkalde, "Sama-sama tayong abutin ang #HerdImmunity! Sama-sama tayong proteksyunan ang ating sarili."





PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 34 OCTOBER 18 - 24, 2021 10.00


# BABALA HINGGIL SA ALLEGED SCAMMER NG MGA FOOD ESTABLISHMENTS

Nais ipabatid ng Pamahalaang Bayan ng Carmona na nagkaroon ng insidente ng panloloko sa mga establisiyimento sa ating bayan kahapon, Oktubre 16.

Ang mga scammer ay gumamit ng mga numerong 0936-368- 7858 at 0970-702-4626 bilang pang-order ng mga pagkain upang i-deliver sa isang ospital gamit ang pangalan ng isang doktor. Kasabay nito ay nagpa-load din sila sa mga numerong 0970-702-4639, 0970-377-7706, at 0905-688-7908.

Sa ngayon ay patuloy ang pag-iimbestiga ng Carmona Police upang mahuli ang mga scammer at upang mapigilan ang patuloy na paglilinlang sa iba't ibang establisyimento sa ating bayan.

Pinaalalahanan ng Lokal na Pamahalaan at ng Carmona Police ang ating mga kababayan na maging alerto, alisto, at mapanuri upang makaiwas sa modus ng mga scammer.

Kung sakaling isa kayo sa nabiktima o makaranas ng katulad na modus, agarang i-report ang pangyayari sa PNP Carmona: 046-430-0911 o sa kanilang Facebook account: Carmona Pcr.




Para sa ating mga batang mag aaral, nabigyan tayo ng Department of Labor and Employment sa pakikipag ugnayan sa ating PESO at sa inyong lingkod na mailunsad ang Special Program for Employment of Student (SPES) na kung saan nabigyan pag kakataon ang mga piling mag aaral na maging bahagi ng Local Government at ma experience nila ang mga gawain ng kawani ng Gobyerno.

Ngayon natapos na ang kanilang OJT o Summer Job sa ating lungsod. Handa na sila sa mas malaking hamon ng buhay kasama ang kanilang experience mula sa ating Pamahalaan.

Kasama ang buong Team Lubigan ay masaya nating iniabot ang kanilang mga Salary sa kanilang pag lilingkod sa bayan.

Kita kits sa next batch ng SPES ng ating Lungsod.

Be Blessed, be a Blessing Kabataang Treceños!